

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang bagong action plan para sa pagpapalawak ng turismo sa Brampton

BRAMPTON, ON (Abril 22, 2021) – Kahapon, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang limang-taon na [Estratehiya sa Turismo na naglalayon na gawing destinasyon ng turismo ang Brampton, pinapalawak at itinatayo ang lokal na ekonomiya, at para itaguyod ang pagmamalaki sa lugar ng mga residente.](#)

Ang Tourism The Strategy, magkatuwang na nilikha ng Bannikin Travel and Tourism at ng Culinary Tourism Alliance, ay tumukoy sa sining at kultura; turismo sa pagkain; mga espesyal na event; at, turismo sa isport bilang pinakamatinding lakas ng Brampton sa paglikha ng civic pride at paghikayat sa mga panauhin.

Ayon sa [Tourism Industry Association ng Ontario](#), bago ang pandemya ng COVID, ang kontribusyon sa ekonomiya ng turismo sa Ontario ay mas malaki pa kaysa pinagsamang agrikultura, forestry at pagmimina. Ang umuunlad na Brampton bilang destinasyon sa turismo ay susuporta sa pagbangon ng lokal na ekonomiya mula sa COVID-19, habang dinagdagan ang paghanga ng mga residente sa lungsod.

Ang kalusugan sa pandemya at mga patnubay na pangkaligtasan ay nakakaapekto sa lahat ng aspeto ng pagbibiyaha at turismo na nangangailangan ng paglipat ng pokus sa domestik at hyper-lokal na turismo na hinuhulaan ng mga eksperto sa industriya na mananatiling nariyan sa loob ng darating na mga taon.

Ang pananaliksik na nakumpleto sa pagbuo ng Estratehiya sa Turismo ay nagpapahiwatig na naghahanap na ngayon ang mga tao ng bagong mga karanasan na mas malapit sa tahanan at inanunsyo kamakailan ng Pamahalaan ng Ontario ang Kredito sa Buwis sa Turismo sa loob ng lalawigan. Ang trend na ito ay pagkakataon para sa Lungsod ng Brampton na ligtas na ipagtibay ang sarili nito bilang destinasyon ng turismo para sa mga residente, at sa pinaka-malalapit na kapitbahay ng Lungsod. Lilikha ito ng pundasyon para maitayo ang turismo at suportahan ang mga stakeholder at ang lokal na ekonomiya bilang mahalagang haligi sa Estratehiya sa Pagbangon ng Ekonomiya ng Lungsod.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Mosaic na may maliwanag na kinabuksan at isang bagong bisyon para sa turismo. Ipinagmalaki ng turismo ang masiglang mga destinasyon ng lungsod at hindi mabibilang na mga nakatagong hiyas. Bilang isa sa pinaka-diverse na mga lungsod sa bansa, may malawak na hanay ng tunay na ekspresyon ng kultura na mai-enjoy ng lahat– kabilang ang sining, pagkain, at pangkulturang mga pagdiriwang. Nananabik ako sa kung kailan tayong lahat makakabalik sa ligtas na pag-i-enjoy sa lahat ng maihahandog ng ating magandang Brampton.

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Estratehiya na aprubado ng Konseho ay magpapasulong sa Brampton na magiging destinasyon ng turismo, at lilikha ng mas matapang na kinabuksan para sa ating lungsod. Makakatulong ito na

itanim ang pagmamalaki sa ating mga residente at mga negosyo sa pamamagitan ng pagpapakita ng lahat ng amenity na maihahandog natin at pag-highlight sa oportunidad na magagawa ng Turismo sa muling pagbubukas at pagbangon ng ekonomiya ng Lungsod.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang Estratehiya sa Turismo na ito ay naaayon sa *Termino ng Prayoridad ng Konseho- ang Brampton ay isang Mosaic* ng Konseho at umaambag sa kabutihan ng mga residente at negosyo. Alam natin na ang mabuting pagkakapangasiwang ekonomiya sa turismo ay makakatulong sa paglikha ng trabaho, pakinabang na pang-ekonomiya, pati na rin sa mga pamumuhunan sa mga pasilidad at mga imprastruktura, dinagdagan ang kalidad ng buhay ng mga residente na araw-araw na nag-enjoy sa ating lungsod.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 & 5, Vice-Chair, Economic Development, Lungsod ng Brampton*

“Ang kultura, cuisine, luntiang mga espasyo at panlibangang mga amenidad ng Brampton ay nagpapasigla sa Lungsod na ipinagmamalaking tawagin ng ating mga residente na tahanan. Sa pamamagitan ng ating bagong Estratehiya sa Turismo, committed tayo sa pagtayo sa mga feature na ito at paghikayat ng mas maraming pamumuhunan tungo sa ating mga pasilidad at imprastruktura, tulad ng pinalawak na mga pasilidad ng transit, isport at espesyal na event at pagpapaganda sa urban na nakakatulong sa pagsigla ng turismo.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca